Ipinahayag ang Emergency Declaration sa Aichi Prefecture (ito ay tatagal hanggang Mayo 6 (miyerkules)).
Ang mga sumusunod ay pakiusap mula sa gobernador ng Aichi Prefecture upang mapigilan ang pagdami ng mahahawaan ng sakit dala ng Novel Corona Virus.

① Mag-ingat sa 3 lugar gaya ng mga sumusunod:
- Mga lugar na kulob at hindi wasto ang pagdaloy ng hangin (*kanki no warui mippei sareta basho*-密閉).
- Mga lugar kung saan nagtitipon ang maraming tao *(misshu no basho*-密集*)*.
- Mga lugar kung saan kinakailangan makipag-usap nang malapitan sa mga tao *(missetsu no basho*-密接*)*.

② Huwag lumabas ng bahay. Subalit maaaring mamili ng pagkain, gamot at iba pang pangangailangan sa pamumuhay.

③ Iwasan ang mga musical, sports at iba pang event na magtitipon ang mga tao.

※ Hindi kailangan ang anumang proseso sa paglabas ng bahay.
※ Ang supermarket, drug stores, gasoline stand ay bukas. Kaya makakabili ng mga pangunahing pangangailangan sa pamumuhay.
※ Makakasakay rin sa tren at bus.
※ Bukas rin ang mga ospital.
※ Maaari ring mag-ehersisyo sa parke o lugar na walang masyadong tao.
※ Hindi magsasara ang mga kalsada.
※ Maaari ring mag-withdraw ng pera sa banko.

【Pakiusap mula sa NIC】
Upang maiwasan ang pakikisalamuha at paglabas ng bahay,
ipinapakiusap ng Nagoya International Center (NIC) na ang lahat ng konsultasyon ay isagawa sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono.
TEL: 052-581-0100
Email: filipino@nic-nagoya.or.jp